

Mga Mali (Errata) sa 2024 Handbook ng Miyembro**Mahalagang impormasyon ito tungkol sa mga pagbabago sa iyong
2024 Handbook ng Miyembro ng Kaiser Foundation Health Plan, Inc. Medi-Cal**

Ang iyong Handbook ng Miyembro ay tinatawag ding Pinagsamang Katunayan ng Pagsakop at Form para sa Paghahayag ng Impormasyon (Combined Evidence of Coverage and Disclosure Form, “EOC/DF”). Ipinapaalam sa iyo ng Errata na ito ang tungkol sa mga update sa iyong 2024 Handbook ng Miyembro. Mangyaring itabi ang dokumentong ito kasama ang iyong 2024 Handbook ng Miyembro.

Simula sa Hulyo 1, 2024, hindi na sasakupin ng Kaiser Permanente ang Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad sa mga County ng Sacramento at Solano para sa mga bagong miyembro. Sasakupin na ngayon ang mga serbisyong ito ng Plano sa Kalusugan ng Isip ng County sa iyong County, o Provider para sa Kalusugan ng Isip na nagtatrabaho sa County.

Ang mga miyembrong kasalukuyang nakakakuha ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad mula sa Kaiser Permanente ay magpapatuloy na makakuha ng mga serbisyong iyon hanggang sa makumpleto ang mga serbisyong iyon, o sabihin ng clinician na ligtas nang masakop ng ibang Provider para sa Kalusugan ng Isip, o hanggang sa Disyembre 31, 2024.

Ang mga pagbabago sa mga benepisyo ay may salungguhit sa ibaba.

Binagong paglalarawan ng benepisyo sa ilalim ng “Mga Serbisyo na Nangangailangan ng Pagpapahintulot ng Menor de Edad” sa Kabanata 3 (Paano makakakuha ng pangangalaga)

Maselang pangangalaga

Mga serbisyo na nangangailangan ng pagpapahintulot ng menor de edad

Kung wala ka pang edad na 18, maaari kang makatanggap ng ilang serbisyo nang walang pahintulot ng isang magulang o tagapag-alaga. Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo na nangangailangan ng pagpapahintulot ng menor de edad.

Maaari mong makuha ang mga serbisyong ito nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga:

- **Mga serbisyo para sa panggagahasa at iba pang sekswal na pang-aatake**
- **Pagsusuri at pagpapayo** sa pagbubuntis
- **Mga serbisyo para sa kontrasepsyon tulad ng pagpigil sa pagbubuntis (hindi kasama ang sterilization)**
- Mga serbisyo para sa aborsyon

Kung ikaw ay 12 taong gulang o mas matanda, maaaring makuha mo rin ang mga serbisyong ito nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga:

- **Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient batay sa iyong antas ng maturity at kakayahang lumahok sa sarili mong pangangalagang pangkalusugan**
- **Pagpapayo**, pag-iwas, pagsusuri, at paggamot ng Virus na Umaatake sa Immune System (Human Immunodeficiency Virus, HIV)/Nakuhang Sakit na Umaatake sa Immune System (Acquired Immunodeficiency Syndrome, AIDS)
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot ng mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik **na maaaring kabilangan ng mga sakit na naipapasa sa pakikipagtalik tulad ng syphilis, gonorrhea, chlamydia, at herpes simplex.**
- Paggamot sa sakit dahil sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak **para sa pag-abuso sa droga at alak kasama ang screening, pag-assess, interbensyon, at mga serbisyo ng referral**

- Para alamin pa, basahin ang “Mga serbisyo sa Paggamot sa Sakit dahil sa Paggamit ng Droga o Pag-inom ng Alak” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Para sa pagsusuri ng pagbubuntis, mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, mga serbisyo sa pagpigil sa pagbubuntis, o mga serbisyo para sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik, hindi kailangang nasa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal ang doktor o klinika. Maaari mong piliin ang sinumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanila nang walang referral o maagang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyong ito. **Para sa higit pang impormasyon na may kaugnayan sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, pakitingnan ang “Mga Serbisyo sa Pag-iwas sa Sakit at Pagiging Nasa Mabuting Kalusugan at Pamamahala ng Hindi Gumagaling na Sakit” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.**

Para sa mga serbisyong nangangailangan ng pagpapahintulot ng menor de edad na mga serbisyo sa kalusugan ng isip na para sa **outpatient**, maaari kang pumunta sa Provider na nasa network ng Medi-Cal **o provider na wala sa network** nang walang referral at nang walang maagang pag-apruba (paunang pahintulot). Hindi ka kailangang i-refer ng iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider, PCP) at hindi mo kailangang humingi ng maagang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa amin para makakuha ng mga serbisyong nangangailangan ng pagpapahintulot ng menor de edad.

Maaaring hindi sakop ang mga serbisyo mula sa Provider na Wala sa Network ng Medi-Cal na hindi kaugnay sa Maselang Pangangalaga. Para sa tulong sa paghahanap ng provider ng Medi-Cal na wala sa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal, o upang humingi ng tulong para sa transportasyon para makapunta sa isang provider, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-839-7613 (TTY 711).

Hindi sinasakop ang mga serbisyong nangangailangan ng pagpapahintulot ng menor de edad na Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad. Ang Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad ay sinasakop ng Plano sa Kalusugan ng Isip ng County para sa County kung saan ka nakatira.

Ang mga menor de edad ay maaaring makipag-usap nang pribado sa isang kinatawan tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-454-8855 (TTY 711) at makipag-usap sa isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Hindi kami magpapadala ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng mga maselang serbisyo sa mga magulang o tagapag-alaga. Para alamin pa kung paano humingi ng kumpidensyal na mga pakikipag-ugnayan na may kaugnayan sa mga maselang

serbisyo, basahin ang “Abiso ng mga kasanayan sa privacy” sa Kabanata 7 ng handbook na ito.

Binagong paglalarawan sa ilalim ng “Pangangalagang Pang-emergency” sa Kabanata 3 (Paano makakakuha ng pangangalaga)

Pangangalagang Pang-emergency

Para sa Pangangalagang Pang-emergency, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital. Para sa Pangangalagang Pang-emergency, hindi mo kailangan ng maagang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa amin.

Sa loob ng Estados Unidos, kasama ang anumang Teritoryo ng Estados Unidos, mayroon kang karapatang gamitin ang anumang ospital o iba pang setting para sa pangangalagang pang-emergency.

Kung nasa labas ka ng Estados Unidos, sakop lang ang Pangangalagang Pang-emergency na kinakailangan ng pagkakaospital sa Canada at Mexico. Hindi sakop ang Pangangalagang Pang-emergency at anumang pangangalaga sa iba pang bansa.

Ang Pangangalagang Pang-emergency ay para sa nakakamatay na mga medikal na kondisyon. Ito ay para sa karamdaman o pinsala na aasahan ng isang matalino (nasa katwiran) na ordinaryong tao (hindi propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may karaniwang kaalaman sa kalusugan at gamot na, kung hindi ka makakatanggap kaagad ng pangangalaga, mailalagay mo ang iyong kalusugan (o kalusugan ng iyong hindi pa ipinanganak na sanggol) sa seryosong panganib – kasama rito ang paglalagay sa panganib ng seryosong pinsala sa mga paggana ng iyong katawan, organ ng katawan o bahagi ng katawan. Maaaring kasama sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:

- Active labor
- Nabaling buto
- Matinding pananakit
- Pananakit ng dibdib
- Overdose sa gamot
- Hinihimatay

- Mga pang-emergency na kondisyon sa isip, tulad ng matinding depresyon o mga pag-iisip ng pagpapakamatay
- Matinding pagkasunog
- Matinding pananakit
- Hirap sa paghinga

Huwag pumunta sa Silid na Pang-emergency (Emergency Room, ER) para sa Karaniwang Pangangalaga o pangangalaga na hindi agad kailangan. Dapat kang makakuha ng Karaniwang Pangangalaga mula sa iyong PCP, na mas kilala ka. Kung hindi ka sigurado na ito ay isang emergency, tumawag sa iyong PCP. Maaari ka ring tumawag sa linya para sa payo sa likod ng iyong ID Card ng Pangangalagang Pangkalusugan at makipag-usap sa isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Kung kailangan mo ng Pangangalagang Pang-emergency na malayo sa iyong tahanan, pumunta sa pinakamalapit na ospital kahit wala ito sa network ng provider ng Kaiser Permanente Medi-Cal. Kung pupunta ka sa ER, hilingin sa kanila na tumawag sa amin. Ikaw o ang ospital kung saan na na-admit ka ay dapat tumawag sa Kaiser Permanente sa loob ng 24 na oras pagkatapos mong matanggap ang pangangalagang pang-emergency. Kung nagbibihaye ka sa labas ng Estados Unidos, bukod sa Canada o Mexico, at kailangan mong ng Pangangalagang Pang-emergency, hindi sasakupin ng Kaiser Permanente ang iyong pangangalaga.

Kung kailangan mo ng pang-emergency na transportasyon, tumawag sa 911. Hindi mo kailangang magtanong muna sa iyong PCP o sa Kaiser Permanente bago ka pumunta sa ER.

Kung kailangan mo ng pangangalaga sa ospital na Wala sa Network pagkatapos ng iyong emergency (Pangangalaga Pagkatapos Maging Maayos ang Kondisyon), tatawagan ng ospital ang Kaiser Permanente.

Tandaan: Huwag tumawag sa 911 maliban kung makatwiran mong maisip na mayroon kang emergency.

Binagong Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa ilalim ng “Inisyal na appointment sa kalusugan (“IHA”) sa Kabanata 3 (Paano makakakuha ng pangangalaga)

Inisyal na appointment sa kalusugan (“IHA”)

Para sa Mga Miyembro ng Medi-Cal na bago sa Kaiser Permanente

Inirerekomenda namin na, bilang bagong Miyembro ng Medi-Cal, pumunta ka sa iyong bagong PCP sa loob ng 120 araw para sa inisyal na appointment sa kalusugan (Initial Health Appointment, “IHA”). Ang layunin ng IHA ay matulungan ang iyong PCP na malaman ang iyong kasaysayan at mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring magtanong ang iyong PCP tungkol sa kasaysayan ng iyong kalusugan o maaaring hilingin sa iyo na magkumpleto ng kuwestyonaryo. Sasabihin rin sa iyo ng iyong PCP ang tungkol sa pagpapayo at mga klase sa edukasyong pangkalusugan na maaaring makatulong sa iyo.

Kung ang iyong PCP ay nasa isang pasilidad na hindi bahagi ng The Permanente Medical Group o ang Southern California Permanente Medical Group:

- Kapag tumawag ka para magpaskedyul ng iyong IHA, sabihin sa taong sasagot ng telepono na ikaw ay Miyembro ng Kaiser Permanente Medi-Cal. Ibigay sa kanila ang iyong numero ng ID ng Kaiser Permanente.

Dalhin ang iyong ID card ng Kaiser Permanente at iyong ID na may litrato sa iyong appointment. Magandang ideya na magdala ng listahan ng iyong mga gamot at mga tanong sa iyong pagpapatingin. Maging handa na makipag-usap sa iyong PCP tungkol sa iyong pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Siguraduhing tawagan ang tanggapan ng iyong PCP kung mahuhuli ka o hindi makakapunta sa iyong appointment.

Para sa Miyembro ng Medi-Cal na may naunang coverage ng Kaiser Permanente

Kung bago ka sa Medi-Cal at ang iyong dating coverage sa kalusugan ay sa Kaiser Permanente rin, mangyaring kontakin ang iyong PCP para tingnan kung kailangan mong ng Inisyal na appointment sa kalusugan (“IHA”). Kung bago ang iyong medikal na rekord, maaari kang makapaghintay ng hanggang sa iyong susunod na nakaiskedyul na pagpapatingin sa Karaniwang Pangangalaga para gumawa ng karagdagang update sa iyong medikal na rekord.

Mga miyembro ng Hilagang California

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa IHA, tumawag sa 1-833-721-6012 (TTY 711), Lunes hanggang Biyernes, 8:30 a.m. hanggang 1 p.m. at 2 p.m. hanggang 5 p.m.

Mga miyembro ng Katimugang California

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa IHA, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-839-7613 (TTY 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Binagong paglalarawan sa ilalim ng “Ang sinasakop ng iyong planong pangkalusugan” sa Kabanata 4 (Mga Benepisyo at Serbisyo)

Ang sinasakop ng iyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang iyong mga sakop na serbisyo bilang miyembro ng Kaiser Foundation Health Plan, Inc. Wala kang babayaran sa iyong mga sakop na serbisyo basta't ang mga ito ay kinakailangan sa paggamot at ibinibigay nang ayon sa mga panuntunang nakabalangkas sa Handbook ng Miyembro. Ang karamihan sa mga serbisyo ay dapat ibigay ng isang Provider na Nasa Network ng Medi-Cal. Sa ilang sitwasyon, maaari naming sakupin ang mga serbisyong Kinakailangan sa Paggamot mula sa isang Provider na Wala sa Network. Dapat kang humingi ng maagang pag-apruba (paunang pahintulot) kung ang pangangalaga ay wala sa network, maliban sa:

- Pangangalagang Pang-emergency
- Agarang Pangangalaga sa labas ng iyong Pinaglilingkurang Lugar ng Tinitirhang Rehiyon
- Ilang Maselang Pangangalaga gaya ng inilarawan sa Kabanata 3 ng Handbook ng Miyembro na ito

Ang mga serbisyong kinakailangan sa paggamot ay makatwiran at kinakailangan upang maprotektahan ang iyong buhay, pinipigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o binabawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembro na wala pa sa edad na 21, kasama sa mga serbisyong ng Medi-Cal ang pangangalaga na kinakailangan upang maayos o

tulongang mapagaan ang karamdaman o kondisyon sa katawan o isip. Para sa higit pa sa iyong mga sakop na serbisyo, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-839-7613 (TTY 711).

Ang mga miyembro na wala pang 21 taong gulang ay makakakuha ng mga dagdag na benepisyo at serbisyo. Para alamin pa, basahin ang Kabanata 5, “Pangangalaga sa walang sakit na bata at kabataan.”

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga serbisyong sinasakop namin:

- Mga serbisyo para sa nakakalakad (outpatient)
- Limitadong bilang ng mga inireresetang gamot, supply at suplemento para sa outpatient. Ang karamihan sa mga inireresetang gamot, supply, at mga suplemento para sa outpatient ay sinasakop sa ilalim ng Medi-Cal Rx sa ilalim ng May Bayad na Serbisyo ng Medi-Cal
- Ang mga serbisyo na karapat-dapat para sa California Children’s Services (CCS) sa ilalim ng Whole Child Model Program sa ilang county
- Pangangalagang Pang-emergency, kabilang ang mga pang-emergency na serbisyo ng ambulansiya
- Pangangalaga ng hospice at pangangalaga para sa pagpapaghinawa ng pananakit
- Pagkakaospital
- Mga sinisiyasat pa lang na serbisyo
- Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology, tulad ng mga X-ray
- Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (Long-term services and supports, “LTSS”)
- Pangangalaga sa ina at bagong panganak na sanggol
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa hindi malubha hanggang sa katamtamang mga kondisyon
- Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (Non-emergency medical transportation, “NEMT”)
- Hindi pangmedikal na transportasyon (Non-medical transportation, “NMT”)
- Mga serbisyo sa mga bata
- Mga serbisyong pang-iwas sa sakit at para maging mabuti ang kalusugan at pamamahala ng hindi gumagaling na sakit

- Mga serbisyo at kagamitan para sa rehabilitasyon at para pahasayin ang mga kakayahan sa paggana (therapy)
- Pag-oopera upang ibalik ang dating hitsura o paggana
- Mga serbisyo para sa screening ng sakit mula sa pang-aabuso sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak
- Mga serbisyo ng Telehealth mula sa Mga Provider na Nasa Network ng Kaiser Permanente Medi-Cal
- Mga serbisyo para sa paningin

Binagong paglalarawan sa ilalim ng “Mga benepisyo ng Medi-Cal na sakop ng Kaiser Permanente” sa Kabanata 4 (Mga Benepisyo at Serbisyo)

Pangangalaga sa ina at bagong panganak na sanggol

Mga serbisyo ng mga birthing center

Sinasakop namin ang mga serbisyo sa mga birthing center na provider ng Comprehensive Perinatal Services Program (“CPSP”) na aprubado ng Medi-Cal. Ang mga serbisyo sa birthing center ay alternatibo sa pangangalaga sa ina sa isang ospital para sa mga babaeng mababa ang panganib ng pagbubuntis. Kung gusto mong isilang ang iyong sanggol sa isa sa mga center na ito at upang malaman kung kwalipikado ka, magtanong sa iyong doktor

Mga breast pump at mga supply

Magbibigay kami ng isang pang-retail na breast pump bawat pagbubuntis at isang set ng mga supply upang isama sa pump. Kung Kinakailangan sa Paggamot sa iyong gumamit ng pang-ospital na breast pump, sasakupin namin ang pag-upa o pagbili nito. Ang mga pang-ospital na breast pump ay Matibay na Kagamitang Medikal (Durable Medical Equipment, “DME”) at dapat aprubahan nang maaga para sa iyo. Pipiliin namin ang vendor at dapat mong isauli ang pang-ospital na breast pump kapag hindi mo na ito kailangan.

Edukasyon sa pagpapasuso at mga pantulong

Sinasakop namin ang komprehensibong suporta sa pagpapalabas ng gatas ng ina.

Pangangasiwa ng pangangalaga

Nagbibigay kami ng mga serbisyo sa pangangasiwa ng pangangalaga sa panahon ng pagbubuntis at para sa bagong silang na sanggol.

Mga Serbisyo ng Sertipikadong Nurse na Kumadrona (Certified Nurse Midwife, CNM)

Sinasakop namin ang mga serbisyo na Kinakailangan sa Paggamot na ibinibigay ng mga sertipikadong nurse na kumadrona na kumikilos nang ayon sa saklaw ng kanilang propesyon.

Pagpapayo

Nagbibigay kami ng mga serbisyo sa pagpapayo sa buntis, at pagkatapos manganak na mga tao bago manganak, sa panahon ng panganganak, at pagkatapos manganak ng mga sertipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Pangangalaga sa panganganak at pagkatapos manganak

Sinasakop namin ang mga serbisyo sa ospital at pangangalaga pagkatapos manganak.

Diyagnosis at pagpapayo para sa mga sakit ng sanggol na may kaugnayan sa genes

Sinasakop namin ang mga diagnostic test at pagpapayo na may kaugnayan sa mga sakit sa genes ng sanggol

Mga Serbisyo ng Doula

Ang mga doula ay mga birth worker na nagbibigay ng edukasyong pangkalusugan, advocacy, at piskal, emosyonal, at hindi medikal na suporta para sa buntis at mga taong pagkatapos manganak bago, sa panahon ng, at pagkatapos manganak, kasama ang suporta sa panahon ng nakunan, stillbirth, at aborsyon.

Sinasakop namin ang mga serbisyo ng sertipikadong doula sa iyong pagbubuntis hanggang sa labor at panganganak, at pagkatapos manganak Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang lahat ng serbisyo ng doula. Para masakop ng Medi-Cal, dapat irekomenda ang mga serbisyo ng doula ng isang Provider na nasa Network ng Medi-Cal. Kung mayroon kang rekomendasyon ng Provider na nasa Network ng Medi-Cal, sasakupin namin ang:

- Isang inisyal na pagpapatingin.
- Hanggang sa walong karagdagang isang oras na pagpapatingin na maaaring ibigay sa anumang kumbinasyon ng prenatal at pagkatapos manganak na mga pagpapatingin.
- Suporta sa labor at panganganak, aborsyon, o nakunan.
- Hanggang sa dalawang pinalawig na tatlong oras na pagpapatingin pagkatapos manganak matapos ang pagbubuntis. Sinasakop ka para sa tinukoy na bilang ng pagpapatingin sa ilalim ng Medi-Cal.

Sasailalim sa maagang pag-apruba ang mga karagdagang pagpapatingin.

Lisensyadong Kumadrona (Licensed Midwife, LM)

Sinasakop namin ang mga serbisyo na Kinakailangan sa Paggamot na ibinibigay ng mga lisensyadong nurse na kumadrona na kumikilos nang ayon sa saklaw ng kanilang propesyon.

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng ina

Kung magkaroon ka ng kondisyon sa kalusugan ng isip sa iyong pagbubuntis o pagkatapos manganak, sasakupin namin ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan, gaya ng inilarawan sa seksyong “Mga serbisyo sa kalusugan ng isip” sa kabanatang ito.

Pangangalaga sa bagong panganak

Mga bagong panganak na sanggol mula 0 hanggang 2 buwang gulang. Kung miyembro ng Medi-Cal ang ina kapag siya ay nanganak, sasakupin namin ang mga serbisyo na Kinakailangan sa Paggamot sa ilalim ng coverage sa Medi-Cal ng ina para sa mga bagong panganak na sanggol. Mahalagang i-enroll ang iyong bagong panganak na sanggol sa Medi-Cal para magkaroon ang iyong bagong panganak na sanggol ng sarili niyang coverage sa Medi-Cal. Para sa higit pang impormasyon sa kung paano ie-enroll ang iyong bagong panganak na sanggol sa Medi-Cal, tumawag sa tanggapan ng iyong county.

Edukasyon sa nutrisyon

Nagbibigay kami ng edukasyon sa nutrisyon sa mga ina mula sa mga sertipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan.

Pangangalaga bago manganak

Sinasakop namin ang isang serye ng mga eksaminasyon para sa pangangalaga bago manganak.

Mga assessment at referral para sa kalusugan kaugnay sa pakikisalamuha at kalusugan ng isip

Nagbibigay kami ng mga assessment na kaugnay sa pakikisalamuha at kalusugan ng isip nang hindi kailangan ng paunang pag-apruba. Para malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip, basahin ang “Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip” sa Kabanata 4 ng Handbook ng Miyembro na ito.

Bitamina at mga suplementong mineral

Ang mga inireresetang gamot, supply, at mga suplemento para sa outpatient na may kaugnayan sa mga serbisyo sa pabubuntis at pangangalaga sa bagong silang ay sinasakop sa ilalim ng Medi-Cal Rx. Para sa higit pang impormasyon sa Medi-Cal Rx, pumunta sa heading ng “Medi-Cal Rx” sa seksyong “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal na hindi sakop ng Kaiser Permanente” sa Kabanata 4.

Binagong paglalarawan sa ilalim ng “Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip” sa Kabanata 4 (Mga Benepisyo at Serbisyo)

Mga pagbabago sa benepisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad para sa mga miyembro sa mga County ng Sacramento at Solano

Simula sa Hulyo 1, 2024, hindi na sasakupin ng Kaiser Permanente ang Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad sa mga County ng Sacramento at Solano para sa mga bagong miyembro. Ang pagbabagong ito ay gagawin ang mga County ng Sacramento at Solano na tulad ng ibang mga County ng Medi-Cal, kung saan ang Mga Plano sa Kalusugan ng Isip ng County ay sinasakop na ngayon ang Mga

Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad at mga miyembrong nakukuha ang mga serbisyong ito mula sa County, o sa isang Provider sa Kalusugan ng Isip na nagtatrabaho sa County.

Kung kasama sa pangangalaga sa iyo ang pangangailangan sa Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad na magpatuloy sa pagitan ng Hulyo 1, 2024, at Disyembre 31, 2024, ikaw at ang iyong provider sa Kaiser Permanente ay magpapasya kung kailan ililipat ang pangangalaga sa iyo sa Plano sa Kalusugan ng Isip ng County. Ibabahagi namin ang iyong mga pangangailangan sa Kalusugan sa Isip na Kailangan ng Espesyalidad sa iyong Plano sa Kalusugan ng Isip ng County at makikipagtulungan sa iyo at sa County para tiyaking nakukuha mo ang pangangalagang kailangan mo.

Mga assessment ng kalusugan ng isip

Hindi mo kailangan ng referral o maagang pag-apruba upang makakuha ng inisyal na pagsusuri ng kalusugan ng isip mula sa isang Provider na Nasa Network ng Medi-Cal o mula sa provider ng plano sa kalusugan ng isip ng county. Maaari kang makakuha ng pagsusuri ng kalusugan ng isip anumang oras mula sa isang lisensyadong provider ng kalusugan ng isip na isang kwalipikadong Provider ng Medi-Cal. Maaari kang tumingin sa aming online na mga listahan ng provider sa **kp.org/finddoctors** (sa Ingles) para maghanap ng provider sa kalusugan ng isip sa aming network o tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY **711**).

Sasakupin namin ang mga serbisyo para sa pag-iwas, screening, pagsusuri, at paggamot para sa hindi malubha hanggang sa katamtamang mga kondisyon sa kalusugan ng isip na maaaring ibigay sa iyo bago ka makatanggap ng pormal na diyagnosis na may kaugnayan sa iyong kalusugan ng isip.

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient para sa hindi malubha hanggang sa katamtamang mga kondisyon

Kung malalaman ng iyong provider sa kalusugan ng isip na ikaw ay mayroong hindi malubha o katamtamang kondisyon sa kalusugan ng isip o may diperensiya sa paggana ng isip, emosyon o pag-uugali, sinasakop namin ang mga sumusunod na serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient:

- Pang-individuwal at panggrupong pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng isip (psychotherapy)

- Pangkaisipang pagsusuri kapag inutos ng klinika na suriin ang isang kondisyon sa kalusugan ng isip
- Pagkakaroon ng mga kakayahan sa pag-iisip upang pabutihin ang pagtuon ng pansin, memorya at paglutas ng problema
- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay sa drug therapy.
- Mga serbisyo sa pagkuha ng imahe at sa laboratoryo na nauugnay sa paggamot ng iyong kondisyon sa kalusugan ng isip (tingnan ang “Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology” sa kabanata 4 na ito)
- Pangkaisipang pagkonsulta
- Therapy ng pamilya kapag Kinakailangan sa Paggamot at may kasamang hindi bababa sa dalawang miyembro ng pamilya. Kasama sa mga halimbawa ng therapy ng pamilya ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Psychotherapy ng bata at magulang (edad na 0 hanggang 5)
 - Interactive na therapy ng magulang at bata (edad na 2 hanggang 12)
 - Therapy ng mag-asawa tungkol sa pag-iisip at pag-uugali (mga nasa hustong gulang)
- Kinakailangan sa Paggamot na mga serbisyo ng kalusugan ng pag-uugali sa relasyon ng dalawang tao (dyadic behavioral health, “DBH”) para sa mga Miyembro at kanilang mga caregiver. Ang dyad ay isang bata at kanilang mga magulang o mga caregiver. Pinaglilingkuran nang magkasama ng dyadic na pangangalaga ang mga magulang o caregiver at anak. Tina-target nito ang kapakanan ng pamilya para suportahan ang magandang paglaki ng anak at kalusugan ng isip. Kasama sa mga serbisyo ng pangangalaga ng dyadic ang dyadic behavioral health (DBH) ang pagpapatingin ng walang sakit na bata, ang komprehensibong dyadic mga serbisyo ng Mga Suporta ng Komunidad, mga serbisyo ng dyadic psychoeducational, dyadic na mga serbisyo ng magulang o caregiver, dyadic na pagsasanay ng pamilya, at pagpapayo para sa paglaki ng anak, at mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng ina.

Ang mga inireresetang gamot, supply, at mga suplemento para sa outpatient na may kaugnayan sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip ay sinasakop sa ilalim ng Medi-Cal Rx. Para sa higit pang impormasyon sa Medi-Cal Rx, pumunta sa heading na “Medi-Cal Rx” sa seksyong “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal na hindi sinasakop ng Kaiser Permanente” sa Kabanata 4 na ito.

Kung ang paggamot na kailangan mo para sa sakit sa kalusugan sa isip ay hindi available sa aming network ng provider ng Medi-Cal o iyong PCP o hindi maaaring

ibigay ng provider sa kalusugan ng isip ang pangangalagang kailangan mo sa nakalistang panahon sa itaas ng “Napapanahong access sa pangangalaga”, sasakupin namin at tutulungan ka naming makuha ang mga serbisyo ng wala sa network.

Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinibigay ng Kaiser Permanente maaari kang tumawag Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-855-839-7613 (TTY 711).

Binagong paglalarawan sa ilalim ng “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal na hindi sinasakop ng Kaiser Permanente” sa Kabanata sa 4 (Mga Benepisyo at Serbisyo)

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad

Ang mga Plano sa Kalusugan ng Isip ng County ay nagbibigay ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad na Kailangan sa Paggamot sa mga Miyembro ng Medi-Cal. Kasama sa Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad ang mga sumusunod:

Mga serbisyo para sa outpatient:

- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip
- Mga serbisyo ng suporta sa gamot
- Mga masusing serbisyo para sa paggamot sa araw
- Mga serbisyong pangrehabilitasyon
- Mga serbisyo para sa pamamagitan sa krisis
- Mga serbisyo sa pagpapatatag sa krisis
- Pamamahala ng partikular na kaso
- Mga serbisyo para gamutin ang pag-uugali (para sa mga Miyembro na wala pang edad na 21)

- Pangangasiwa ng masusing pangangalaga (Intensive care coordination, “ICC”) (para sa mga Miyembro na wala pang edad na 21)
- Masusing mga serbisyo sa tahanan (Intensive home-based services, “IHBS”) (para sa mga Miyembro na wala pang edad na 21)
- Gumagamot na pangangalaga mula sa bahay ampunan (Therapeutic foster care, “TFC”) (para sa mga Miyembro na wala pang edad na 21)
- Mga Serbisyo para sa Peer Support (Peer Support Services, “PSS”)

Mga serbisyong pantahanan:

- Mga serbisyong pantahanan na paggamot sa nasa hustong gulang at mga bata
- Mga serbisyong pantahanan para sa paggamot sa krisis Mga serbisyo para sa inpatient:
- Mga serbisyo ng ospital sa inpatient para sa sakit sa isip
- Mga serbisyo ng pasilidad para sa sakit sa isip

Para malaman pa ang tungkol sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad sa iyong County, maaari mong tawagan ang County. Upang mahanap ang lahat ng walang bayad na numero ng telepono ng mga County online, bisitahin ang <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContaktList.aspx>.

Binagong Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa Ilalim ng “Iba pang Mga Benepisyo at Programang Sinasakop ng Kaiser Permanente” sa Kabanata 4

Mga pangmatagalang serbisyo at suporta (“LTSS”)

Sinasakop namin, para sa mga miyembrong kwalipikado, ang mga pangmatagalang serbisyo at suportang ibinibigay sa mga sumusunod na uri ng mga pasilidad o tahanan ng pangmatagalang pangangalaga:

- Mga skilled nursing facility
- Mga pasilidad ng subacute na pangangalaga
- Mga pasilidad ng intermediate na pangangalaga, kabilang ang:

- ◆ Mga pasilidad ng intermediate na pangangalaga/para sa may kapansanan sa paglaki (Intermediate Care Facilities/Developmentally Disabled, "ICF/DD")
- ◆ Mga pasilidad ng intermediate na pangangalaga/developmentally disabled-habilitative (Intermediate Care Facilities/Developmentally Disabled-Habilitative, "ICF/DD-H")
- ◆ Mga pasilidad ng intermediate na pangangalaga/para sa may kapansanan sa paglaki (Intermediate Care Facilities/Developmentally Disabled-Nursing, "ICF/DD")

Kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga, sisiguraduhin naming ilalagay ka sa isang pasilidad o tahanan ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng antas ng pangangalaga na pinakaangkop sa iyong mga medikal na pangangailangan.

Impormasyon ng LTSS sa Rehiyon ng Hilagang California

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyo ng pangmatagalang pangangalaga, tumawag sa **1-833-721-6012 (TTY 711)**, Lunes hanggang Biyernes, 8:30 a.m. hanggang 1 p.m. at 2 p.m. hanggang 5 p.m.

Impormasyon ng LTSS sa Rehiyon ng Katimugang California

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyo ng pangmatagalang pangangalaga, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Binagong Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa ilalim ng “Pangangasiwa ng Pangangalaga” sa Kabanata 4

Pamamahala ng pangunahing pangangalaga

Mapanghamon ang pagkuha ng pangangalaga mula sa maraming iba't ibang provider o sa mga sistema para sa kalusugan. Gusto naming siguruhin na natatanggap ng mga Miyembro ang lahat ng serbisyo na Kinakailangan sa Paggamot, may mga resetang gamot, at mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Maaari kaming makatulong na i-

coordinate at pamahalaan ang iyong mga pangangailangan ng kalusugan, nang wala kang babayaran. Makukuha ang tulong na ito kahit sakupin ng isa pang programa ang mga serbisyo.

Maaaring maging mahirap na malaman kung paano tutugunan ang iyong mga pangangailangan ng pangangalagang pangkalusugan pagkatapos mong umalis ng ospital o kung nakakatanggap ka ng pangangalaga sa iba't ibang sistema. Narito ang ilang paraan na maaaring tulungan ng Plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga (MCP) ang mga miyembro:

- Kung nagkakaproblema ka sa pagkuha ng follow-up na appointment o mga gamot pagkatapos mong lumabas ng ospital, matutulungan ka namin.
- Kung kailangan mo ng tulong sa pagkuha ng appointment nang personal, matutulungan ka naming makakuha ng libreng transportasyon.

Impormasyon ng Pangangasiwa ng Pangangalaga sa Rehiyon ng Hilagang California

Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan o sa kalusugan ng iyong anak, tumawag sa **1-833-721-6012 (TTY 711)**, Lunes hanggang Biyernes, 8:30 a.m. hanggang 1 p.m. at 2 p.m. hanggang 5 p.m.

Impormasyon ng pangangasiwa ng pangangalaga sa Rehiyon ng Katimugang California

Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan o kalusugan ng iyong anak, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613 (TTY 711)**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Binagong Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa ilalim ng “Mga Suporta sa Komunidad” sa Kabanata 4

Impormasyon ng Mga Suporta sa Komunidad sa Rehiyon ng Hilagang California

Kung kailangan mo ng tulong o gustong malaman kung anong Mga Suporta sa Komunidad ang maaaring available para sa iyo, tumawag sa **1-833-721-6012 (TTY 711)**, Lunes hanggang Biyernes, 8:30 a.m. hanggang 1 p.m. at 2 p.m. hanggang 5 p.m. para sa impormasyon sa Mga Suporta sa Komunidad

Impormasyon ng Mga Suporta sa Komunidad sa Rehiyon ng Katimugang California

Kung kailangan mo ng tulong at gusto mong malaman kung ano ang available sa iyo sa Mga Suporta sa Komunidad, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-839-7613** (TTY 711), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Binagong paglalarawan sa ilalim ng “Mga serbisyo sa bata (Mga bata na wala pang edad na 21)” sa Kabanata 5 (Pangangalaga sa bata at kabataan na walang sakit)

Ang mga bata at kabataang miyembro na wala pa sa edad na 21 taong gulang ay maaaring makakuha ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan kapag nag-enroll sila. Tinitiyak nito na nakukuha nila ang mga tamang serbisyo para sa pag-iwas sa sakit, ngipin, at pangangalaga sa kalusugan ng isip, kasama ang paglaki at mga serbisyo na kailangan ng espesyalidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

Mga serbisyo sa bata (Mga bata na wala pa sa edad na 21)

Sinasakop para sa kinakailangang pangangalaga ang mga miyembro na wala pa sa edad na 21 taong gulang. Kasama sa listahan ang mga serbisyong Kinakailangan sa Paggamot upang gamutin o pangalagaan ang mga depekto at mga pisikal o pangkaisipan na diyagnosis. Kasama sa mga Sakop na Serbisyo ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Mga pagpapatingin ng walang sakit na bata at mga check-up ng teenager (mga mahalagang pagpapatingin na kailangan ng mga bata)
- Mga pagbabakuna (mga iniksyon)
- Pagsusuri at paggamot ng kalusugan ng pag-uugali
- Pag-evaluate at paggamot ng Kalusugan ng Isip, kasama ang psychotherapy na pang-individuwal, panggrupo at pampamilya ([Sinaskop ng Mga Planong Pangkalusugan ng County o Mga Provider na nagtatrabaho sa County ang Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Kailangan ng Espesyalidad](#))
- Screening para sa mga hindi magandang karanasan sa pagkabata (Adverse childhood experiences, ACE)

- Mga pagsusuri ng laboratoryo, kasama ang screening ng dugo para sa pagkalason sa tingga
- Edukasyong pangkalusugan at para sa pag-iwas sa sakit
- Mga serbisyo para sa paningin
- Mga serbisyo sa ngipin (sinasakop sa ilalim ng Medi-Cal o Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin)
- Mga serbisyo sa pandinig (sinasakop ng Mga Serbisyo sa Mga Bata sa California [ang Whole Child Model o CCS] para sa mga kwalipikadong bata. Sasakupin namin ang mga serbisyo sa pandinig na Kinakaiangan sa Paggamot para sa mga bata na hindi sinasakop ng Whole Child Model o CCS)

Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diyagnostiko at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment, EPSDT). Sinasakop nang wala kang babayaran ang mga serbisyo ng EPSDT na inirerekomenda ng mga alituntunin ng Bright Futures ng mga pediatrician upang tulungan ka o ang iyong anak na manatiling malusog. Para basahin ang mga alituntuning ito, pumunta sa

https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf.

Abiso ng Kawalan ng Diskriminasyon

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng Kaiser Permanente¹ ang mga batas ng Estado at Pederal sa mga karapatang pantao.

Hindi nandidiskrimina ang Kaiser Permanente nang labag sa batas, hindi isinasama ang mga tao, o tinatrato ang mga ito nang iba dahil sa edad, lahi, kinikilalang grupo ng etniko, kulay, pinagmulang bansa, pinagmulang kultura, ninuno, relihiyon, kasarian, kinikilalang kasarian, pagpapahayag ng kasarian, sekswal na oryentasyon, marital status, pisikal o pangkaisipan na kapansanan, medikal na kondisyon, pinanggagalingan ng bayad, impormasyong henetiko, pagkamamamayan, pangunahing wika, o estado sa imigrasyon.

Ibinibigay ng Kaiser Permanente ang mga sumusunod na serbisyo:

- Ang walang bayad na mga tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan para tulungan silang makipag-usap nang mas maganda sa amin, tulad ng:
 - ◆ Mga kwalipikadong interpreter para sa sign language
 - ◆ Nakasulat na impormasyon sa iba pang mga format (braille, nakasulat sa malalaking letra, audio, naa-access na mga elektronikong format, at iba pang mga format)
- Ang walang bayad na mga serbisyo sa wika sa mga tao na ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
 - ◆ Mga kwalipikadong interpreter
 - ◆ Impormasyong nakasulat sa ibang wika

Kung kailangan ninyo ang mga serbisyong ito, tumawag sa aming Center sa Pakikipag-ugnayan para sa Serbisyo sa Miyembro, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (sarado kapag pista opisyal). Libre ang tawag:

- Medi-Cal: **1-855-839-7613 (TTY 711)**
- Lahat ng iba pa: **1-800-464-4000 (TTY 711)**

Sa paghiling, makukuha ang dokumentong ito sa braille, malalaking letra, audiocassette, o sa elektronikong paraan. Para makakuha ng isang kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, o ibang format, tawagan ang aming Center sa Pakikipag-ugnayan para sa Serbisyo sa Miyembro at hilingin ang kailangan ninyong format.

Paano maghain ng karaingan sa Kaiser Permanente

Maaari kayong maghain ng karaingan sa diskriminasyon sa Kaiser Permanente kung naniniwala kayo na hindi namin naibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandidiskrimina sa ibang paraan. Maaari kayong maghain ng karaingan sa telepono, sa koreo, nang personal, o sa online. Mangyaring sumangguni sa iyong *Ebidensiya ng Pagsakop (Evidence of Coverage)* o *Mga Katunayan ng Insurance (Certificate of Insurance)* para sa mga detalye. Maaari ninyong tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro para sa higit pang impormasyon sa mga opsyon na naaangkop sa

¹ Ang Kaiser Permanente ay kinabibilangan ng Kaiser Foundation Health Plan, Inc. Mga Ospital ng Kaiser Foundation, Ang Kaiser Medical Group, at ang Medikal na Grupo ng Katimugang California

inyo, o para sa tulong sa paghain ng karaingan. Maaari kayong maghain ng isang karaingan sa diskriminasyon sa mga sumusunod na paraan:

- **Sa telepono:** Maaaring tawagan ng mga miyembro ng Medi-Cal ang **1-855-839-7613** (TTY 711). Ang lahat ng iba pang miyembro ay maaaring tumawag sa **1-800-464-4000** (TTY 711). Mayroong makukuhang tulong 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (sarado ng pista opisyal)
- **Sa koreo:** I-download ang form sa **kp.org** o tawagan ang Mga Serbisyo ng Miyembro at hilingin sa kanila na padalhan kayo ng form na maaari ninyong ipadala pabalik.
- **Sa personal:** Punan ang Form para sa Reklamo o Paghahabol/Kahilingan para sa Benepisyo sa opisina ng mga serbisyo sa miyembro na matatagpuan sa isang Pasilidad ng Plan (pumunta sa directory ng iyong provider sa **kp.org/facilities** para sa mga address)
- **Online:** Gamitin ang online form sa aming website sa **kp.org**

Maaari ka ring direktang makipag-ugnayan sa Tagapangasiwa ng Mga Karapatang Sibil ng Kaiser Permanente sa mga address sa ibaba:

Attn: Kaiser Permanente Civil Rights Coordinator
Member Relations Grievance Operations
P.O. Box 939001
San Diego CA 92193

Paano maghain ng karaingan sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California Opisina para sa Mga Karapatang Sibil *(Para sa mga Medi-Cal Beneficiary Lang)*

Maaari ka rin maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Kalusugan ng California Opisina para sa Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng sulat, sa telepono o sa email:

- **Sa telepono:** Tumawag sa Opisina para sa Mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) sa **916-440-7370** (TTY 711)
- **Sa koreo:** Punan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:
Deputy Director, Office of Civil Rights
Department of Health Care Services
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413
Makukuha ang mga form para sa reklamo sa:
http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx
- **Online:** Magpadala ng email sa **CivilRights@dhcs.ca.gov**

Paano maghain ng isang karaingan sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao ng Estados Unidos, Opisina para sa Mga Karapatang Sibil

Maaari kayong maghain ng reklamo sa diskriminasyon sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao ng Estados Unidos Opisina para sa Mga Karapatang Sibil. Maaari kayong maghain ng reklamo sa pamamagitan ng sulat sa telepono, o online:

- **Sa telepono:** Tumawag sa **1-800-368-1019** (TTY 711 o 1-800-537-7697)

- **Sa koreo:** Punan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201

Makakakuha ng mga form para sa reklamo sa:

<https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html>

- **Online:** Bisitahin ang Portal sa Pagreklamo ng Opisina para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights Complaint Portal) sa:

<https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>